DAGLI
ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG CARD MBA
TOMO 2 BILANG 2 | APRIL - JUNE 2019

Tinanggap ni Violeta Aquino, ang presidente ng CARD MBA, ang parangal na iginawad ng Institute of Corporate Directors (ICD) sa CARD MBA. Kasama niya sa larawan ang iba pang tumanggap ng pagkilala sa Golden Arrow Recognition Ceremony.

AT-A-GLANCE
(June 2019)

Aktibong Kasapi
5,357,627

Bilang ng Nakaseguro
18,964,871

Nabayarang benepisyo
(Mula Enero hanggang Hunyo 2019)
503,885 | PhP863M

Nabayarang claims
sa loob ng 8-24 strategy
97.92%

CDRAP
164,406 Family Packs
PhP16,581,642.85

GLIP Claim
235 individuals
PhP10,549,302.20

Mensahe mula sa CEO ng CARD MBA

Sa halos 20 taong pagbibigay ng seguro sa pamilyang Filipino, nakikilala na ang ambag ng CARD MBA na masiguro ang bawat mamamayan na mabilis na makabangon sa mga hindi inaasahang pangyayari.

Ang bawat pagkilalang ito sa Asosasyon ay sumasalamin sa mahusay na pamamalakad ng mga kasapi nito. Ang aming mga miyembro ang lakas ng institusyon kaya patuloy itong umuunlad.

Sila ang namamahala ng CARD MBA bilang sila ang 100% nagmamay-ari sa Asosasyon. Sa kanila natin ipinagkakatiwala ang mas mahusay na kinabukasan ng Samahan.

Kami, bilang mga opisyal at kawani ng CARD MBA, ay patuloy ang gagawing paggabay sa ikauunlad ng ating Samahan. Lubos ang paniniwala ko sa kakayahan ng aming bawat kasapi. Ngayon pa lamang, binabati ko na kayo sa tagumpay na atin pang matatamo.

CARD MBA, kinilala bilang top performing insurance company sa bansa

Kinilala ang CARD MBA bilang isa sa mga *top performing insurance companies* sa Pilipinas sa ilalim ng 2018 Asean Corporate Governance Scorecard (ACGS) sa Golden Awards Recognition na ginanap sa Pasay City noong ikaw-11 ng Hunyo 2019.

Tumanggap ang Asosasyon ng One Golden Arrow para sa nakuhang puntos sa nakaraan ACG Scorecard nito. Ang ACGS Golden Arrow Recognition ay iginagawad sa mga *top performing* publicly listed companies (PLCs) sa ilalim ng Institute of Corporate Directors (ICD).

"Ang pagkilalang ito ay ang aming karagdagang motibasyon upang ipagpatuloy at iangat ang antas ng aming sistema at kasanayan sa pamamalakad ng Asosasyon upang pataasin ang kumpyansa ng bawat kabilang sa samahan," pagbabahagi ni CARD MBA CEO May Dawat.

Tatlong Provincial Office ng CARD MBA, binuksan

Binuksan ang Ika-61st Provincial Office ng CARD MBA sa Goa, Camarines Sur noong June 3, 2019.

Binuksan ang tatlong Provincial Offices ng CARD MBA sa Goa, Camarines Sur; Tanauan City, Batangas; at Santiago City, Isabela noong June 2019. Ito ay istratehiya ng samahan na maabot ang misyon nitong makapagbigay ng seguro sa 40 milyong indibidwal bago magtapos ang 2020.

Microinsurance group ng CARD MRI, lider ng industriya

Nangungunga pa rin bilang lider sa *microinsurance industry* ang CARD MBA at ang CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI) sa bansa ayon sa inilabas na report ng Insurance Commission. "Masaya kami sa balitang ito dahil ito ang pagpapatunay sa maganda ang epekto ng *microinsurance* sa bawat pamilyang aming pinagsisilbihan," pagbabahagi ni May Dawat.

CARD MBA, Inc.
A member of CARD MRI

Contact No.: (049)-561-2018
Cellphone No.: 0928-520-5769

Website: https://www.cardmba.com
E-mail: cardmba9999@cardmri.com

Like us on our facebook page
@CARDMBAOfficial